# Ang Banal na Santo Rosaryo

## ISANG GABAY SA PAGDARASAL

Ecclesiastical Province of Manila

*Marian Youth Movement*

**Fort Bonifacio High School Chapter**

West Rembo, Makati City

# ANG PAGDARASAL NG BANAL NA SANTO ROSARYO NG SANTA MARIANG BIRHEN

### ANG MGA MISTERYO NG KABANAL-BANALANG SANTO ROSARYO

**TUWA (Lunes/Sabado**)**

**Ang Pagbati ng Anghel sa Mahal na Birhen**
*(Lucas 1:26-38)*
**Ang Pagdalaw ni Maria kay Sta. Elizabeth**
*(Lucas 1:39-45)*
**Ang Pagsilang sa Mundo ng Anak ng Diyos**
*(Lucas 2:1-20)*
**Ang Paghahain ng Anak ng Diyos sa Templo**
*(Lucas 2:22-35)*
**Ang Pagkakakita kay Hesus sa Templo**
*(Lucas 2:41-52)*

**LIWANAG (Huwebes)***

**Ang Pagbibinyag sa Ilog ng Jordan**
*(Mateo 3:17)*
**Ang Pagpapahayag sa Kasalan sa Cana**
*(Juan 2:1-12)*
**Ang Pagpapahayag ng Kaharian ng Diyos**
*(Marcos 1:15)*
**Ang Pagbabagong-anyo**
*(Lucas 9:29)*
**Ang Pagtatatag ng Banal na Eukaristiya**
*(Juan 13:1)*

**HAPIS (Martes/Biyernes)**

**Ang Pananalangin sa Hardin ng Getsemani**
*(Mateo 26:36-46)*
**Ang Paghampas kay Hesus sa Haliging Bato**
*(Marcos 15:1-16)*
**Ang Pagputong ng Koronang Tinik**
*(Mateo 27:27-31)*
**Ang Pagpasan ng Krus ni Hesus**
*(Marcos 15:20-22)*
**Ang Pagkapako ni Hesus sa Krus**
*(Lucas 23:33-46)*

**LUWALHATI (Miyerkules/Linggo**)**


**Ang Pagkabuhay-Muli**
*(Mateo 28:1-10)*
**Ang Pag-akyat sa Langit ni Hesukristo**
*(Lucas 24:44-53)*
**Ang Pagpanaog ng Banal na Espiritu Santo sa mga Apostoles at sa Mahal na Birhen**
*(Juan 14:15-21)*
**Ang Pag-akyat sa Langit ng Mahal na Birhen**
*Walang Sanggunian sa Banal na Kasulatan*
**Ang Pagkorona sa Mahal na Birheng Maria**
*Walang Sanggunian sa Banal na Kasulatan*

* Ang Misteryo ng Liwanag ay idinagdag sa pagdarasal ng Santo Rosaryo ni Santo Papa Juan Paolo II sa kanyang Kasulatang Apostoliko na Rosarium Virginis Mariae noong Oktubre 16, 2002. Ipinahayag niya roon, "Bilang Dasal para sa Kapayapaan, ang Santo Rosaryo ay, at magpakailanman, isang panalangin ng at para sa pamilya".
**Tuwing Adbiyento, ang mga Misteryo ng Tuwa ang dinarasal sa Sabado at Linggo.
**Tuwing Kuwaresma, ang mga Misteryo ng Hapis ang dinarasal sa Sabado at Linggo.



**Ang Santo Rosaryo ay isang paraan ng pagninilay sa Buhay ni Hesus. Ang grupo ng sampung butil ay isang Dekada. Bago ang bawat dekada, isipin ang nangyari kay Kristo. Hawakan ang mga butil para sa mga Dasal maliban sa butil ng Luwalhati.**

## GABAY SA PAGDARASAL NG SANTO ROSARYO




1. Habang hawak ang krus, gawin ang *Signum Crucis* at dasalin ang Kredo ng Apostoles (Niceno Credo sa ilan).
2. Sa unang butil, dasalin ang Ama Namin na tinuro ni Hesus sa atin.
3. Dasalin ang Aba Ginoong Maria sa tatlong susunod na butil at saka ang Luwalhati.
4. Sa malaking butil, ipahayag ang Unang Misteryo, pagnilaynilayan at saka dasalin ang Ama Namin.
5. Dasalin ang Aba Ginoong Maria sa susunod na sampung butil, saka ang Luwalhati at Panalangin ng Fatima.
6. Ulitin ang mga Hakbang 4-5 para sa susunod na apat pang misteryo.
7. Dasalin ang Aba Po Santa Mariang Hari bilang pagpapatibay at pagtatapos.
8. Dasalin ang mga Lokal na Panalangin para sa Patron o ano man.
9. Dasalin ang Panalangin ng Santo Rosaryo saka ang Litanya ng Santa Mariang Birhen o ang  Panalangin para sa Mabathalang Awa.
10. Muli, hawakan ang krus habang isinasagawa ang *Signum Crucis.*

## MGA DASAL AT PANALANGIN

*Signum Crucis* — Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.

Sumasampalataya — Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapanyayari sa lahat, na may gawa ng langit at lupa. Sumasampalataya naman ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao Siya lalang ng Espiritu Santo; ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Ponsio Pilato; ipinako sa krus, namatay at ibinaon. Nanaog sa mga impiyerno; nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit; naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyayari sa lahat. Doon magmumula't pariritong huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao. Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, na may Santa Iglesya Katolika; may kamsamahan ng mga Santo, may ikawawala ng mga kasalanan; at mabubuhay na mag uli ang nangamatay na tao, at may buhay na walang hanggan.

Ama Namin — Ama namin, sumasa-langit Ka. Sambahin ang ngalan Mo. Mapasa amin ang

| | |
|---|---|
| | Kaharian Mo. Sundin ang loob Mo dito sa lupa para nang sa langit. Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw. At patawarin Mo kami ng aming mga sala, para nang pagpapatawad namin sa mg nagkakasala sa amin. At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso, at iadya Mo kami sa dilang masama. |
| Aba Ginoong Maria | Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya, ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo, bukod kang pinagpala sa babaeng lahat at pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus. Santa Maria, Ina ng Diyos, ipanalangin mo kaming makasalanan, ngayon at kung kami y mamamatay. |
| Luwalhati | Luwalhati sa Ama at sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, gayon din ngayon at magpakailan pa man sa walang hanggan. Siya nama. |
| Dasal ng Fatima | O Hesus ko, patawarin Mo ang aming mga sala. Iligtas Mo kami sa apoy ng impiyerno. Hanguin Mo ang mga kaluluwa sa purgatoryo. Lalong-lalo na yaong mga walang nakakaalaala. |
| Aba Po Santa Mariang Hari | Aba Po Santa Mariang Hari, Ina ng Awa. Ikaw ang kabuhayan at katamisan; Aba pinananaligan ka namin. Ikaw nga ang tinatawagan namin, pinapanaw na taong anak ni Eva. Ikaw rin ang pinagbunbuntuhang hininga namin ng aming pagtangis dini sa lupang bayang kahapis-hapis. Ay aba, pintakasi ka namin, ilingon mo sa amin, ipakita mo sa amin ang iyong Anak na si Hesus. Santa Maria, Ina ng Diyos, maawain, maalam at matamis na Birhen. V. Ipanalangin mo kami, Reyna ng kasantusantuhang Rosaryo. R. Nang kami'y maging dapat makinabang ng mga pangako ni Hesukristo. |
| Dasal ng Santo Rosaryo | Manalangin Tayo. Diyos at Panginoon namin, na ang bugtong na Anak Mo ay siyang ipinapagkamit namin ng kagalinga't kabuhayang walang hanggan sa pamamagitan ng kanyang pagkakatawang-tao, pagkamatay at pagkabuhay na mag-uli; ipagkaloob Mo, hinihiling namin sa Iyo, na sa pagninilaynilay namin nitong mga misteryo ng Santo Rosaryo ni Santa Mariang Birhen ay hindi lamang matularan namin ang mga magagaling na hamimbawang nalalarawan doon, kundi naman makamtan namin ang mga kagalingang ipinangako sa amin; alang-alang kay Hesukristong Panginoon namin; na kapisan Mo at ng Espiritu Santo nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan. Siya nawa. Amen |

## ANG KREDO NG NISENO

Sumasampalataya ako sa iisang Diyos
Amang Makapangyarihan sa lahat,
na may gawa ng langit at lupa,
ng lahat na nakikita at hindi nakikita.
At sa iisang Panginoong Hesukristo,
Bugtong na Anak ng Diyos,
sumilang sa Ama bago pa nagkapanahon.
Diyos buhat sa Diyos,
liwanag buhat sa liwanag,
Diyos na tunay buhat sa Diyos na tunay,
Sumilang at hindi ginawa,
Magkasing-sangkap ng Ama:
at sa pamamagitan Niya ginawa ang lahat.
Dahil sa ating pawang mga tao at dahil sa ating kaligtasan,
Nanaog Siya mula sa kalangitan.

At nagkatawang-tao Siya lalang ng Espiritu Santo
Isinilang ni Mariang Birhen at naging tao.
Ipinako Siya sa krus nang dahil sa atin sa ilalim ni Poncio Pilato;
Nagpakasakit, Namatay at Inilibing.
At muli Siyang nabuhay sa ikatlong araw
nang naaayon sa Banal na Kasulatan,
At umakyat Siya sa kalangitan at nakaluklok sa kanan ng Ama.
At mula roon paparito Siyang muling may kaluwalhatian,
upang hukuman ang mga nangabubuhay at mga nangamatay,
at magiging walang hangganan ang Kaniyang paghahari.
At sa Espiritu Santo, ang Panginoon at nagbibigay-buhay:
Na nanggagaling sa Ama at sa Anak.
Kaisa ng Ama at ng Anak Siyang sinasamba at pinararangalan.
Nagsalita Siya sa pamamagitan ng mga propeta.
At sa iisang banal, Katoliko, at apostolikong Simbahan.
Tinatanggap ko ang iisang binyag sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.
At hinihintay ko ang muling pagkabuhay ng mga nangamatay,
at ang buhay ng sansinukubang darating. Amen.

## LITANYA NG MAHAL NA BIRHENG MARIA

Panginoon, maawa Ka sa amin;
Kristo, maawa Ka sa amin;
Panginoon, maawa Ka sa amin;
Kristo, pakinggan Mo kami;
Kristo,pakapakinggan Mo kami;
Diyos Ama sa langit, maawa Ka sa amin;
Diyos Anak na tumubos sa Sanlibutan, maawa Ka sa amin;
Diyos Espiritu Santo, maawa Ka sa amin;
Santisima Trinidad na tatlong Persona at iisang Diyos, maawa Ka sa amin ;
Santa Maria,Ipanalangin mo Kami;
Santang Ina ng Diyos, Ipanalangin mo Kami;
Santang Birhen ng mga Birhen, Ipanalangin mo Kami;
Ina ni Kristo, Ipanalangin mo Kami;
Ina ng grasya ng Diyos, Ipanalangin mo Kami;
Inang kasakdal-sakdalan, Ipanalangin mo Kami;
Inang walang malay sa kahalayan, Ipanalangin mo Kami;
Inang di malapitan ng masama, Ipanalangin mo Kami;
Inang kalisin-linisan,Ipanalangin mo Kami;
Inang pinaglihing walang kasalanan, Ipanalangin mo Kami;
Inang kaibig-ibig, Ipanalangin mo Kami;
Inang kataka-taka, Ipanalangin mo Kami;
Ina ng mabuting kahatulan, Ipanalangin mo Kami;
Ina ng may gawa sa lahat, Ipanalangin mo Kami;
Ina ng mapag-adya, Ipanalangin mo Kami;
Birheng kapahampahaman, Ipanalangin mo Kami;
Birheng dapat igalang,Ipanalangin mo Kami;
Birheng dapat ipagbantog, Ipanalangin mo Kami;
Birheng makapangyayari, Ipanalangin mo Kami;

Birheng maawain, Ipanalangin mo Kami;
Birheng matibay na loob sa magling, Ipanalangin mo Kami;
Salamin ng katuwiran, Ipanalangin mo Kami;
Mula ng tuwa namin, Ipanalangin mo Kami;
Sisidlan ng kabanalan, Ipanalangin mo Kami;
Sisidlan ng bunyi at bantog, Ipanalangin mo Kami;
Sisidlan ng bukod-tanging katimman, Ipanalangin mo Kami;
Rosang bulaklak, na di mapuspos ng bait ng tao ang halaga, Ipanalangin mo Kami;
Torre ni David, Ipanalangin mo Kami;
Torreng garing, Ipanalangin mo Kami;
Bayan na ginto, Ipanalangin mo Kami;
Kaban ng tipan, Ipanalangin mo Kami;
Pinto ng langit, Ipanalangin mo Kami;
Talang maliwanag, Ipanalangin mo Kami;
Mapagpagaling sa mga maysakit, Ipanalangin mo Kami;
Pagsasakdalan ng mga taong makasalanan, Ipanalangin mo Kami;
Mapang-aliw sa nangagdadalamhati, Ipanalangin mo Kami;
Mapag-ampon sa mga kristiyano, Ipanalangin mo Kami;
Reyna na mga angel, Ipanalangin mo Kami;
Reyna ng mga patriarka, Ipanalangin mo Kami;
Reyna ng mga profeta, Ipanalangin mo Kami;
Reyna ng mga apostol, Ipanalangin mo Kami;
Reyna ng mga martir, Ipanalangin mo Kami;
Reyna ng mga confesor, Ipanalangin mo Kami;
Reyna ng mga birhen, Ipanalangin mo Kami;
Reyna ng lahat ng mga santo, Ipanalangin mo Kami;
Reynang ipinaglihi na di nagmana ng salang orihinal, Ipanalangin mo Kami;
Reynang iniakyat sa langit, Ipanalangin mo Kami;
Reyna ng kasantu-santuhang rosaryo,Ipanalangin mo Kami;
Reyna ng kapayapaan, Ipanalangin mo Kami;

Kordero ng Diyos na nakawawala ng mga kasalanan ng sanlibutan, Patawarin Mo po kami, Panginoon; Kordero ng Diyos na nakawawala ng mga kasalanan ng sanlibutan, Pakapakinggan Mo po kami, Panginoon; Kordero ng Diyos na nakawawala ng mga kasalanan ng santinakpan, Maawa Ka sa amin.
V. Ipanalangin mo kami, Santang Ina ng Diyos.
R. Nang kami ay magin dapat makinabang sa mga pangako ni Hesukristong Panginoon.

O Diyos,/ na ang bugtong na Anak ay nagtawang tao/ namatay at muling nabuhay/ upang tamuhin para sa amin/ ang gantimpalang walang hanggang kaligtasan/ ipagkaloob Mo/ na sa pamamagitan ng pagdidili-dili namin/ ng mga misteryo ng kabanal-banalang Rosaryo ng Birheng Maria/ na matamo ang kanilang mga ipinangangako./ Alang-alang din kay Kristong Panginoon namin.Amen.

**Isa:** Sumaatin nawa ang tulong ng Maykapal
**Lahat:** Siya Nawa.
**Isa:** Sumapayapa nawa ang kaluluwa ng mga yumao sa grasya ng Panginoong Diyos.
**Lahat:** Siya Nawa.
**Isa:** Manatili nawa sa atin ang biyaya ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
**Lahat:** Siya Nawa.

**PANALANGIN SA KRUSADA**
Makapangyarihang Ama/ isinasamo namin sa Iyo sa Ngalan ni Hesukristong Anak mo/ na pagpalain Mo/ ang aming Krusada ng Rosaryo ng mag-anak. Pagkalooban Mo po kami/ at ang aming bayan/ ng lakas ng loob/ at biyayang gumawa/ ng pangakong magdarasal ng Rosaryo/ ng mag-anak sa araw-araw/ at matapat naming tupdin/ ang aming pangako.Amen.
**Isa:** Reyna Kasantu-santusang Rosaryo.
**Lahat:** Ipag-adya Mo ang mga sambahayang Pilipino.
**Isa:** Reyna ng Kasantu-santusang Rosaryo.
**Lahat:** pagpalain Mo ang mga sambahayang Pilipino.

## ANGELUS
**(Tuwing ika-anim ng Umaga, Tanghaling Tapat, at ika-anim ng Hapon)**

N: Ang anghel ng Panginoon ay nagbalita kay Santa Maria.
L: At siya'y naglihi, lalang ng Espiritu Santo.

Aba Ginoong Maria ...

N: Narito ang alipin ng Panginoon.
L: Maganap nawa sa akin ang ayon sa wika mo.

Aba Ginoong Maria...

N: At ang salita ay nagkatawang tao.
L: At nakipamuhay sa atin.

Aba Ginoong Maria...

N: Ipanalangin mo kami, O Santang Ina ng Diyos.
L: Nang kami'y maging dapat makinabang sa mga pangako ni Kristo.

**Manalangin tayo:** Panginoon naming Diyos, kasihan mo nawa ang aming mga kaluluwa sa iyong mahal na grasya at yayamang dahilan sa pamamalita ng angel ay nakilala namin ang pagkakatawang tao ni Hesukristong Anak mo, pakundangan sa mahal na pasakit niya sa Krus papakinabangan mo kami ng kanyang pagkabuhay na mag-uli sa kadakilaan sa langit. Sa pamamagitan ni Hesukristong aming Panginoon. Amen.

Lualhati sa Ama... (Tatlong ulit)

## THE DIVINE MERCY CHAPLET

**Panimulang Panalangin**
Pumanaw Ka, Hesus, subalit ang Bukal ng Buhay ay bumalong para sa mga kaluluwa at ang Karagatan ng Awa ay bumugso para sa Sanlibutan. O Bukal ng buhay, walang hanggang awa ng Diyos, yakapin Mo ang sangkatauhan at ibuhos Mong ganap ang Iyong sarili para sa aming lahat.

O Banal na Dugo at Tubig, na dumaloy mula sa Puso ni Hesus bilang Bukal ng Awa para sa aming lahat, ako ay nananalig sa Iyo.

Banal na Diyos, Banal na Puspos ng Kapangyarihan, Banal na Walang Hanggan, maawa po Kayo sa amin at sa buong sansinukob. (3x) AMEN.

O Hesus, Hari ng Awa, kami ay nananalig sa Iyo!

***(+) Signum Crucis,* Magsimula sa Ama Namin, Aba Ginoong Maria at Sumasampalataya.**

**Sa mga butil bago ang mga dekada, dasalin ang:**
Ama na walang hanggan, iniaalay ko po sa iyo ang katawan at dugo, kaluluwa at pagka-Diyos ng kamahal-mahalan mong anak na si Hesukristo, na aming Panginoon at manunubos.
Para sa ikapagpapatawad ng aming mga sala at sa sala ng buong sansinukob.

**Dasalin ang panalangin na ito sa sampung butil ng Aba Ginoong Maria:**
Alang-alang sa mga tiniis na hirap at kamatayan ni Hesus,
Kaawaan mo po kami at ang buong sansinukob.

**Bilang pangwakas, dasalin ang panalangin ng tatlong (3) ulit:**
Banal na Diyos, Banal na puspos ng kapangyarihan, Banal na walang hanggan,
Maawa po kayo sa amin at sa buong sansinukob. Amen.
O Hesus, Hari ng Awa, Kami ay nananalig sa iyo.  Amen.

**Pangwakas na Panalangin**
Walang hanggang Diyos, na ang awa ay walang katapusan at ang kabangyaman ng habag na di maubosubos, masuyong tingnan po kami at palagoin nyo po ang awa sa amin, nang sa mahihirap na sandali ay maaring di kami panghinaan ng loob, o kayay malupaypay, kundi ng may malaking pananalig isuko ang aming sarili sa iyong banal na kalooban, na siya ring pagibig at awa din. (+).